BALITA BIYERNES, MAYO 16, 2008

# Pinatay na barangay chief, napagkamalan lang

CABANATUAN CITY - Ipinalalagay ng pulisya sa siyudad na ito na "mistaken identity" ang nangyaring pamamaslang noong Lunes nang madaling-araw sa isang barangay chairman habang kasama ang asawa nito sa isang peryahan sa Barangay Mayapyap Norte ng lungsod.

Ito ang mariing tinuran ni P/Sr. Supt. Napoleon C. Taas, Nueva Ecija Police director, sa *Balita* makaraang mabatid na may iba pang barangay chairman sa lungsod na kaapelyido ng biktimang si Marcos Soriano, 60, kapitan ng Bgy. Barlis, na malapitang binaril ng di-nakikilalang salarin.

Sa naging salaysay ng kabiyak ni Soriano na si Angela, 61, matulungin at walang kaaway ang biktima, na 10 taong nagsilbi sa tungkulin.

Ayon naman kay SPO1 Dominador Vegiga, ng community police assistance center (COMPACT), tatlong kalalakihan na nakasakay sa motorsiklong walang plaka ang namataang papalayo sa pinangyarihan ng krimen. **Light Nolasco**